LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag

TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

MEMORANDUM CIRCULAR 007 S.2018

PARA SA	:	MGA PINUNO NG TANGGAPAN MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG PAARALAN MGA SIBIKO, PANGKULTURAL AT PANGKASAYSAYANG MGA ORGANISASYON NG BALIWAG LAHAT NG BALIWAGENYO
MULA SA	:	TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN
PAKSA	:	PAGPAPARANGAL SA WATAWAT
PETSA	:	IKA-25 NG MAYO 2018

Ang Pamahalaang Bayan ng Baliwag ay magkakaroon ng parangal sa watawat kaugnay ng pagdiriwang ng Pambansang Araw ng Watawat sa Mayo 28, 2018, Lunes, sa ganap na ika-8 ng umaga. Kayo ay iniimbitahan namin na makibahagi sa gagawing seremonya ng paglilibing ng mga lumang watawat alinisunod sa Republic Act No. 8491.

Kung kayo ay mayroon luma, kupas, o punit-punit na watawat ay maaari itong dalhin sa Pambayang Aklatang ng Baliwag / Museo ng Baliwag sa ikalawang palapag ng Lumang Munisipyo sa Poblacion upang maisama sa paglilibing na gagawin sa Lunes. Ang Aklatan at Museo ay bukas ngayong Biyernes (Mayo 25) hanggang ika-5 ng hapon at Sabado (Mayo 26) hanggang ika-12 ng tanghali upang tanggapin ang mga watawat. Maaari rin itong dalhin sa Lunes bago ang aktuwal na seremonya.

FERDINAND V. ESTRELLA
Punongbayan

MUNICIPALITY OF BALIWAG
ARO18001492

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG
Serbisyong May Malasakit